United States
Census
2010

NASA ATING MGA KAMAY

Ang U.S. Census Bureau ay naglabas ng isang panawagan para sa aksyon ng bawat residente ng ating bansa:

# "MAGING KABILANG SA 2010."

## Ang Census: Isang Snapshot

- **Ano:** Ang census ay isang pagbilang sa lahat ng mga naninirahan sa Estados Unidos.
- **Sino:** Lahat ng mga residente sa U.S. ay kailangan mabilang—mga tao sa lahat ng lahi at grupong katutubo, maging mga citizen o non-citizen.
- **Kailan:** Ang Census Day ay Abril 1, 2010. Ang mga tugon sa questionnaire ay dapat base sa lagay ng household sa araw na ito. Karagdagang detalyadong impormasyong socio-economic ang kokolektahin taon-taon mula sa maliit na porsiyento ng populasyon sa pamamagitan ng **American Community Survey**.
- **Bakit:** Ayon sa Saligang Batas ng U.S., kinakailangang magpatupad ng pambansang census kada 10 taon. Ang census ang magiging daan para malaman ang state population counts at matiyak ang representasyon sa U.S. House of Representatives.
- **Paano:** Ihahatid o ipapadala via U.S. mail sa mga household ang mga census questionnaire sa Marso 2010; maraming mga household ang makakatanggap ng replacement questionnaire simula ng Abril. Bibisitahin din ng mga manggagawa ng census ang mga household na hindi nagbabalik ng mga questionnaire.

## Isang Kumpletong Bilang: Ang Kahalagahan ng mga Census Data

- Bawat taon, ang pamahalaang federal ay maaaring mamahagi ng higit sa $400 bilyon sa mga estado at komunidad na bahagyang nakaayon sa mga census data.
- Ang mga census data ay magiging gabay ng decision makers sa kung saan gagawa ng mga bagong kalye, ospital, mga child-care at elderly center, paaralan at marami pang iba.
- Ginagamit ng mga negosyo ang mga census data upang mahanap ang mga supermarket, bagong pabahay at ibang mga facility.
- Tinutukoy ng mga census data kung gaano karaming puwesto sa U.S. House of Representatives ang ibibigay sa bawat estado.

## 2010 Census Questionnaire: Mabilis, Madali at Kompidensyal

- Dahil mayroong 10 katanungan lamang, ang 2010 Census questionnaire ang isa sa pinaka-maikling questionnaire sa kasaysayan at nangangailangan lamang ng 10 minuto upang tapusin.
- Ayon sa batas, hindi maaaring ipamahagi ng Census Bureau ang mga sagot sa census questionnaire ng isang indibidwal kanino man. Kasama sa pagbabawal na ito ang federal at law enforcement agencies.

## ANG 2010 CENSUS AY MAHALAGA.

Tinutukoy nito ang taunang pamamahagi ng higit sa $400 bilyong pondo ng gobyerno para sa kritikal na mga serbisyo sa komunidad. Ito ay lumilikha ng libu-libong mga trabaho sa buong bansa. At ipinaririnig nito ang inyong boses sa Kongreso.

## MAAARI KANG MAGDULOT NG PAGBABAGO.

Bilang maimpluwensyang lider ng komunidad, negosyo o organisasyon, ikaw ay maaaring maging daan para mapalaganap at humikayat ng partisipasyon sa makasaysayang kaganapang ito. Sa tulong mo, ang Census Bureau ay magpapatuloy gumawa ng tumpak na data, na direktang makaka-apekto sa kalidad ng buhay sa inyong komunidad.

2010 CENSUS
NASA ATING **MGA KAMAY**

United States Census 2010
NASA ATING MGA KAMAY



## Maging 2010 Census Partner

**Ang pagiging Census Partner ay nagpapadala ng malakas na mensahe sa iyong komunidad tungkol sa kahalagahan ng census at mga benepisyo ng pagiging Partner.** Sa pagiging Partner sa Census Bureau, ikaw ay maaaring tumulong:

- Siguraduhing tumpak ang mga census data, na papatnubay sa mga desisyong pagpopondo para sa inyong komunidad at makaka-apekto sa iyong representasyon sa Kongreso.
- Palaganapin ang balita tungkol sa pansamantalang trabaho ng census sa inyong komunidad.
- Muling siguraduhin sa inyong komunidad na secure sagutan ang census.

## Umaksyon para sa Inyong Komunidad at Bansa

Bilang partner, mahalaga ang papel mo sa ikatatagumpay ng 2010 Census sa pamamagitan ng paghikayat sa mga tao sa inyong komunidad na makibahagi sa pagbilang. Ikaw ay maaaring:

- Hikayatin ang inyong mga kasamahan na maging kalahok sa pamamagitan ng pagsapi sa Complete Count Committee (CCC), isang organisadong grupo ng ibang mga maimpluwensyang lider sa inyong lugar na may pananagutan sa pagpapataas ng partisipasyon sa census.
- Magbigay ng proklamasyon o ibang pagpapadala sa publiko ng 2010 Census.
- Isama ang impormasyon ng census sa mga newsletter, sa U.S. mail at online.
- Magsagawa ng mga pagtitipon o ibang mga kaganapan upang humikayat ng partisipasyon sa census.
- Tumulong magrecruit ng mga manggagawa sa census.
- Magbigay ng mga espasyo para sa mga site na Be Counted at Questionnaire Assistance Center o para sa pagsusuri at pagsasanay ng mga empleyado ng census.

## Timeline ng 2010 Census: Mahahalagang Araw

| | |
|---|---|
| **Fall 2008** | Magsisimula ang recruitment para sa trabahong lokal sa census para sa mga maagang operasyon ng census. |
| **Spring 2009** | Ang mga empleyado ng census ay nagsasagawa ng door-to-door upang i-update ang listahan ng mga tirahan sa buong bansa. |
| **Fall 2009** | Magsisimula ang recruitment para sa mga kumukuha ng census upang tumulong sa workload peak sa 2010. |
| **Pebrero – Marso 2010** | Ipapadala via U.S. mail o hinahatid sa mga sambahayan ang mga census questionnaire. |
| **Abril 1, 2010** | Census Day |
| **Mayo – Hulyo 2010** | Bumibisita ang mga census representative sa mga household na hindi nagbalik ng questionnaire via U.S. mail. |
| **Disyembre 2010** | Ayon sa batas, ihahatid ng Census Bureau sa Pangulo ang mga bilang ng populasyon para sa paghahati-hati. |
| **Marso 2011** | Ayon sa batas, kukumpletuhin ng Census Bureau ang paghahatid ng mga data sa pag-dedistrito sa mga estado. |

2010 CENSUS
NASA ATING **MGA KAMAY**

ISANG KUMPLETO AT TUMPAK NA BILANG
**AY NASA ATING MGA KAMAY.**

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2010 Census, visit 2010census.gov.**

Issued August 2009
Form D-3234 (T)

U.S. Department of Commerce
Economics and Statistics Administration
U.S. CENSUS BUREAU